Hanapin si Hesus sa ating kapwa!

PAGPAPAHALAGA

Pakikipagkapwa-tao
• Pakikipagkaibigan
• Pagdadamayan
• Pagbibigayan,
• Pakikipag-ugnayan

SITWASYON NG BUHAY

Mga maaaring pagpilian—

- Ang pakikipagbati sa nakaaway na kaibigan.
- Ang ipagtanggol ang batang nilalait ng iyong mga kaibigan.
- Ang magiliw na pagbati sa lahat na makakasalubong.
- Nag-iipon ng pera para ibigay sa maysakit na walang gamot.

PAG-UUGNAY

"No man is an island... No man stands alone!" Masaya man tayo sa kalagayan natin sa ngayon, mas masaya pa rin kung naibabahagi natin ang mga biyayang ating natatanggap sa ating kapwa. Kailangan natin ang ibang tao sa ating paglaki. Nahuhubog sa kanilang pamamagitan ang ating pagkatao sa uri ng ating pakikitungo at pakikipagkaibigan. Sa ating pakikipag-ugnayan, lumalago ang ating buhay at lumalaki tayong mabubuting bata.

Tunghayan natin kung paano nagpakilala ang sanggol na si Hesus sa mga pantas, at kung paano nakipag-ugnayan ang mga pantas kay Hesus nang marinig nila ang balita tungkol sa kanyang pagsilang.

Salita ng Diyos: *Mt 2: 1-12*

Si Hesus ay ipinanganak sa Betlehem ng Judea noong kapanahunan ni Haring Herodes. Dumating naman sa Jerusalem ang ilang Pantas mula sa Silangan [2]at nagtanung-tanong doon: "Nasaan ang ipinanganak na Hari ng mga Judio? Nakita namin sa Silangan ang kanyang tala at naparito kami upang sambahin siya."

[3]Nang mabalitaan ito ni Haring Herodes, siya'y naligalig, gayon din ang buong Jerusalem. [4]Kaya't tinipon niya ang lahat ng punong saserdote at mga eskriba sa Israel at itinanong sa kanila kung saan ipanganganak ang Mesias. [5]"Sa Betlehem po ng Judea," tugon nila. "Ganito ang sinulat ng propeta:

[6]'At ikaw, Betlehem, sa lupain ng Juda, ay hindi nga huli sa mga pangunahing bayan ng Juda. Sapagkat sa iyo lilitaw ang isang pinuno na mamamahala sa aking bayang Israel.' "

[7]Nang mabatid ito, lihim na ipinatawag ni Herodes ang mga Pantas at itinanong kung kailan lumitaw ang tala. [8]At pinalakad niya sila patungong Betlehem matapos pagbilinan ng ganito: "Humayo kayo at inyong hanaping mabuti ang sanggol. Kapag inyong natagpuan, ibalita agad ninyo sa akin upang ako ma'y makasamba sa kanya." [9]At lumakad na nga ang mga Pantas. Muli silang pinangunahan ng talang nakita nila sa Silangan hanggang sa sumapit ito sa tapat ng kinaroroonan ng bata. [10]Gayon na lamang ang galak ng mga Pantas nang makita ang tala! [11]Pagpasok sa bahay, nakita nila ang bata sa piling ng kanyang inang si Maria. Lumapit sila at nagpatirapa at sinamba ang bata.

PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

Pagsasabuhay

Si Hesus ay patuloy na nagpapakilala sa atin ngayo n. Siya ay nasa ating kapwa, sa ating mga magulang, mga kapatid, kamag-aral kaibigan o mga kaaway. Dahil dito, marapat na lagi nating igalang ang kapwa at magpakita ng pagmamahal at pagmamalasakit (KIK 2196).

Katotohanan

Sa pamamagitan ng tala, nakilala ng mga pantas na kumakatawan sa iba't ibang lahi. Siya ay hindi lamang para sa Bayan ng Israel sa Lumang Tipan, bagkus siya ay para sa lahat ng tao sa sanlibutan, sa lahat ng panahon. Si Hesus ay Panginoon nating lahat (KIK 528).

Binuksan nila ang kanilang mga sisidlan at inihandog sa kanya ang dala nilang ginto, kamanyang at mira.

12 Nang sila'y pabalik na, sinabi sa kanila ng Diyos sa pamamagitan ng panaginip na huwag na silang babalik kay Herodes. Kaya, nag-iba na sila ng daan pauwi.

- *Sino ang hari ng Judea noong si Hesus ay isilang? (t. 1)*
- *Sinu-sino ang dumating upang magtanong tungkol sa ipinanganak na sanggol? (t. 1)*
- *Anong tanda ang nakita ng mga pantas na nagpahiwatig sa kanila na isinilang na ang hari ng mga hudyo? (t. 2)*
- *Saan natagpuan ng mga pantas ang sanggol na si Hesus?*
- *Anu-ano ang mga handog nila kay Hesus?*

Pagsamba

Si Hesus ay nagpapakilala rin sa atin sa mga Sakramento lalo na sa Banal na Eukaristiya. Tulad ng ginawa ng mga pantas, sambahin at tanggapin natin siya sa Banal na Sakramentong ito. Sa pagtanggap natin sa kanya sa Banal na Pakikinabang,

TUGON NG PANANAMPALATAYA

- Nakikita ko ba si Hesus sa aking kapwa? Sa anong paraan?
- Nakikita ba sa akin ng aking kapwa si Hesus? Sa anong paraan?
- Paano ko ipakikilala si Hesus sa aking kapwa?
- Ano ang ihahandog ko kay Hesus bilang pasasalamat sa kanyang pagtanggap sa akin sa pamamagitan ng mga taong nakapaligid sa akin?

PAGDIRIWANG

- Misang Pambata

Isasaulo—

Hesus, sa bawat gagawin, lagi kitang hahanapin!